



ILALABAS KAAGAD: Disyembre 3, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Sarah Zahedi - 415.749.4900

Kasunduan sa Lehigh Cement para mabawasan ang mga emisyon ng hangin sa Cupertino

Namumuhunan ang kumpanya sa mga pagkontrol sa polusyon para pahusayin ang kalidad ng hangin sa komunidad

SAN FRANCISCO – Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay nakiisa sa Departamento ng Katarungan ng U.S., Ahensiya ng Proteksiyon ng Kapaligiran ng U.S. at iba pang lokal na ahensiya para maabot ang isang kasunduan para maiwasan ang mga nakakapinsalang emisyon ng hangin sa mga planta ng pagmamanupaktura ng portland cement ng Lehigh Cement at Lehigh White Cement sa buong bansa, kasama ang kanilang planta sa Cupertino.

Naabot ang kasunduan sa pagitan ng mga pederal at lokal na ahensiya at ng Lehigh Cement para malutas ang mga paglabag sa Batas sa Malinis na Hangin. Bilang bahagi ng kasunduan, mamumuhunan ang Lehigh ng \$12 milyon sa teknolohiya sa pagkontrol ng polusyon sa 11 sa kanilang planta sa pagmamanupaktura ng portland cement, kung saan tatlo ang nasa California.

“Ang kasunduang ito ay paalalang dapat akuin ng mga pasilidad na pang-industriya ang responsibilidad sa mga nakakasamang emisyon na resulta ng kanilang mga pagpapatakbo,” ani Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Kinakailangan ang mahigpit na pagsubaybay sa mga pang-industriyang emisyon at pinahusay na pagkontrol sa polusyon para protektahan ang kalidad ng halingin at bantayan ang kalusugan ng mga kapitbahayan sa mga malapit na komunidad.”

Bukod pa sa pamumuhunan sa teknolohiya sa pagkontrol ng polusyon, gagawin ng Lehigh ang sumusunod:

- Pagbabayad ng \$119,353 sa Air District bilang bahagi ng kabuuang \$1.3 milyon sa mga sibil na multa sa Ahensiya sa Pagpaprotekta ng Kalikasan (Environmental Protection Agency, EPA) ng U.S. at mga pang-estado at lokal na panregulatoryong ahensiya.
- Pag-aatas na tumugon sa pinahigpit na limitasyon sa emisyon ng nitrogen oxide at sulfur dioxide.
- Pagsunod sa isang protokol na “pag-test at pag-set” sa susunod na taon para matukoy ang mga posibleng pinakamababang antas ng emisyon ng sulfur dioxide na makukuha sa pasilidad ng Cupertino.
- Pagtugon sa nakikitang emisyon ng mga kiln stack plume sa pamamagitan ng paghahanda ng protokol na partikular sa pasilidad ng Cupertino na nagdedetalye sa lahat ng hakbang na isasagawa para mabawasan ang mga labis na emisyon.

Ang nitrogen oxide at sulfur dioxide ay dalawang pangunahing pollutant na inilalabas mula sa planta ng semento, na nakakasira sa kapaligiran at puwedeng magdulot ng mga epekto sa kalusugan. Ang pagbabawas sa mga pollutant na ito ay inaasahang makakabawas din nang malaki sa mga emisyon ng mga pinong particulate matter mula sa pasilidad.

Ihahain ang kasunduan ngayon sa Hukuman ng Distrito ng U.S. para sa Eastern District ng Pennsylvania at napapailalim sa 30 araw na panahon ng pampublikong komento at pinal na pag-apruba ng hukuman. Makikita ito sa www.justice.gov/enrd/consent-decrees.

Higit pang impormasyon tungkol sa kasunduang ito: <https://bit.ly/360nk7b>.

Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)